ALAMAT

Alamat ng Mangga: Buod at Gawain

Orihinal na alamat ng Pangkat Editoryal ng Aking Maikling Kwento. Malayang gamitin sa klase; banggitin lamang ang pinagmulan. akingmaiklingkwento.com

Buod

Si Manggi ay masipag at mapagbigay na anak nina Mang Andoy at Aling Rosa. Nang dumating ang matinding tagtuyot at nagutom ang nayon, araw-araw siyang naghanap ng pagkain sa kabundukan at ibinigay ito sa mga bata, kahit siya mismo ay nagugutom. Isang araw ay natagpuan siyang wala nang buhay sa ilalim ng isang puno. Sa kanyang puntod ay tumubo ang punong may bungang hugis-puso, kulay-ginto at matamis: ang mangga.

Ang kwento

Noong unang panahon, sa isang maliit na nayon sa paanan ng bundok, may mag-asawang magsasaka na sina Mang Andoy at Aling Rosa. May nag-iisa silang anak na si Manggi. Masipag si Manggi at kilala sa pagiging mapagbigay: anumang pagkaing mayroon siya ay hinahati niya sa mga kapitbahay.

"Anak, magtira ka naman para sa sarili mo," paalala ni Aling Rosa. Ngumiti lang si Manggi. "Busog na po ako kapag nakikita kong busog sila, Inay."

Isang taon, dumating ang matinding tagtuyot. Hindi umulan nang ilang buwan, natuyo ang mga palayan at naubos ang ani. Nagutom ang buong nayon, at ang pinakakawawa ay ang maliliit na bata.

Araw-araw, umaakyat si Manggi sa kabundukan upang maghanap ng prutas at ugat. Ang lahat ng makuha niya ay iniuuwi niya at ibinabahagi sa mga bata sa nayon, kahit siya mismo ay paunti nang paunti ang kinakain.

Isang hapon, hindi na nakauwi si Manggi. Hinanap siya ng buong nayon hanggang gabi. Natagpuan nila siyang nakahiga sa ilalim ng isang puno, mahinang-mahina at hawak pa rin ang isang supot ng mga ugat para sa mga bata. Hindi na siya nagising.

Inilibing siya ng kanyang mga magulang sa tabi ng kanilang bahay. Makalipas ang ilang buwan, bumalik ang ulan, at sa puntod ni Manggi ay tumubo ang isang puno. Lumaki ito nang mabilis at namunga ng mga prutas na hugis-puso, berde kapag hilaw at kulay-ginto kapag hinog, at napakatamis.

Sabi ng mga taga-nayon, ito ang puso ni Manggi na patuloy na nagbibigay. Tinawag nila ang puno sa kanyang pangalan, at sa paglipas ng panahon ay naging mangga.

Mga tauhan

- Manggi: Masipag at mapagbigay na anak; inuna ang kapwa kaysa sa sarili.
- Mang Andoy: Ama ni Manggi, magsasaka.
- Aling Rosa: Ina ni Manggi; nag-aalala sa labis na pagbibigay ng anak.
- Mga taga-nayon at mga bata: Ang mga tinulungan ni Manggi noong panahon ng tagtuyot.

Tagpuan

Isang maliit na nayon sa paanan ng bundok noong unang panahon, sa gitna ng matinding tagtuyot; ang kabundukan kung saan naghahanap ng pagkain si Manggi.

Banghay

- Simula: Ipinakilala si Manggi at ang kanyang pamilya; kilala siya sa pagiging mapagbigay.
- Saglit na kasiglahan: Dumating ang tagtuyot at nagutom ang nayon.
- Tunggalian: Nagsakripisyo si Manggi: naghahanap ng pagkain para sa iba kahit siya ay nagugutom.
- Kasukdulan: Hindi na nakauwi si Manggi at natagpuang wala nang buhay sa ilalim ng puno.
- Kakalasan: Inilibing siya ng kanyang mga magulang sa tabi ng bahay.
- Wakas: Tumubo sa kanyang puntod ang puno ng mangga na may bungang hugis-puso at matamis.

Aral

- Ang pagbabahagi ay hindi nakababawas; ang kabutihan ay patuloy na nagbubunga kahit wala na ang gumawa nito.
- Sa panahon ng kagipitan, mas lumalabas ang tunay na malasakit sa kapwa.
- Mahalaga ring alagaan ang sarili upang patuloy na makatulong sa iba.

Gawain: sagutin ang mga tanong

1. Anong katangian ni Manggi ang kilala sa buong nayon?
2. Ano ang suliraning dumating sa nayon?
3. Paano tumulong si Manggi sa mga bata?

4. Bakit hugis-puso ang bunga ng mangga ayon sa alamat?

5. Ano ang ibig sabihin ng sinabi ni Manggi na "Busog na po ako kapag nakikita kong busog sila"?

6. Sang-ayon ka ba sa ginawa ni Manggi? Ipaliwanag.

Mga sagot

1. Ang pagiging masipag at mapagbigay; hinahati niya ang kanyang pagkain sa mga kapitbahay.

2. Isang matinding tagtuyot na sumira sa ani at nagdulot ng gutom.

3. Araw-araw siyang naghanap ng prutas at ugat sa kabundukan at ibinigay ang lahat sa kanila.

4. Dahil ito raw ang puso ni Manggi na patuloy na nagbibigay.

5. Mas mahalaga sa kanya ang kapakanan ng iba kaysa sa sarili niyang kabusugan.

6. Malayang sagot. Maaaring hangaan ang kanyang kabutihan, ngunit makikita rin na kailangan ding alagaan ang sarili.